

LUNGSOD NG CARLSBAD

(Ang Panukalang ito ay makikita sa balota sa sumusunod na porma.)

PANUKALA C

Dapat bang hirangin ang katungkulan ng Klerk ng Lungsod?

Ang panukalang ito ay nangangailagan ng pag-apruba ng isang simpleng mayorya (50% at 1) ng mga boboto sa panukala.

Ang buong teksto ng panukalang ito ay sumusunod sa mga argumento at mga sagot.

WALANG-PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADO NG LUNGSOD

Ang batas ng estado ay nag-aatas sa lahat ng mga lungsod na magkaroon ng Klerk ng Lungsod. Ang posisyon ay maaaring iboto o italaga. Mula nang na-inkorpora ang Lungsod ng Carlsbad noong 1952, ang Klerk ng Lungsod ay naging isang ibinobotong posisyon na may apat-na-taong termino. Inilagay ng Konseho ng Lungsod ang panukalang ito sa balota para sa mga botante ng lungsod upang matukoy kung ang Klerk ng Lungsod ay dapat maging isang itinalagang posisyon.

Ang botong "oo" sa panukalang ito ay nangangahulugan na ang posisyon ng Klerk ng Lungsod ay magiging isang itinalagang posisyon.

Ang botong "hindi" ay nangangahulugan na ang Klerk ng Lungsod ay mananatiling isang ibinotong posisyon.

Kasama sa mga responsibilidad ng Klerk ng Lungsod ang pag-iingat ng wastong mga talaan ng mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod; pagtatala, pag-publish at pagpapatunay ng mga ordinansa at resolusyon ng lungsod; pinapanatili ang pag-iingat ng seal ng lungsod; at nangangasiwa ng mga panunumpa sa katungkulan. Ang Klerk ng Lungsod ay nagsisilbi rin bilang opisyal sa eleksyon ng lungsod; kumukolekta at nagpapanatili ng lahat ng mga porma sa pananalapi ng kampanya ng kandidato; nag-uugma, nagtatala at nagpapanatili ng mga pahayag ng mga opisyal ng lungsod at kawani ng lungsod tungkol sa mga pang-ekonomiyang interes; at tumutulong na matiyak ang pagsunod sa mga batas sa bukas na pagpupulong ng estado. Ang ibinotong posisyon na Klerk ng Lungsod higit sa lahat ay seremonyal. Ang Klerk ng Lungsod ay hindi bumoboto upang magpatibay ng mga batas o patakaran at sa kasalukuyan ang lahat ng pang-araw-araw na responsibilidad ay ginagampanan ng mga kawani ng City Clerk Services Department.

Ang batas ng estado ay nangangailangan ng isang ibinotong Klerk ng Lungsod na hindi bababa sa 18 taong gulang, isang residente ng lungsod, at isang rehistradong botante ng lungsod. Ang Carlsbad Municipal Code Section 2.04.040 ay nag-aatas na ang isang ibinotong Klerk ng Lungsod ay mayroong isang sertipikadong itinalaga ng klerk ng munisipyo mula sa International Institute of Municipal Clerks o isang bachelor's degree mula sa isang akreditadong kolehiyo o unibersidad at dalawang taong full-time, sinusuweldohang karanasan sa trabaho sa administrasyon ng negosyo o pampublikong administrasyon. Kung ang Klerk ng Lungsod ay naging isang itinalagang posisyon, ang lungsod ay maaaring magtatag ng iba o karagdagang mga kwalipikasyon para sa posisyon.

Kasalukuyang bakante ang posisyon ng Klerk ng Lungsod. Kung ang Klerk ng Lungsod ay mananatiling isang ibinotong posisyon, ang isang eleksyon para sa isang bagong Klerk ng Lungsod ay gaganapin sa Nobyembre 2022.

Kung ang Klerk ng Lungsod ay magiging isang itinalagang posisyon, ang Tagapamahala ng Lungsod ang gagawa ng pagtatalaga. Ang pagtatalaga ng Klerk ng Lungsod ay inaasahang makatitipid sa lungsod ng humigit-kumulang \$40,000 taun-taon sa suweldo at mga benepisyo dahil ang posisyon ay inaasahang mapupunan mula sa mga kasalukuyang kawani ng lungsod.

/s/

Celia A. Brewer

Abugado ng Lungsod, Lungsod ng Carlsbad

Ang pahayag sa itaas ay isang walang-pinapanigang pagsusuri ng Ordinansa o Panukala C. Kung gusto ninyo ng kopya ng ordinansa o panukala, mangyaring tawagan ang Opisina ng Klerk ng Lungsod sa 442-339-2808 at ang isang kopya ay ipapadala sa inyo nang walang bayad.

PR-L00100-1-FIL

ARGUMENTONG PABOR SA PANUKALA C

Magtalaga ng Klerk ng Lungsod ng Carlsbad

Ang batas ng estado ay nag-aatas sa lahat ng mga lungsod na magkaroon ng Klerk ng Lungsod.

Ang posisyon ng Klerk ng Lungsod ay maaaring iboto o italaga.

Ayon sa City Clerks Association of California, ang Opisina ng Klerk ng Lungsod ay isang departamento ng serbisyo sa loob ng lokal na pamahalaan kung saan umaasa ang Konseho ng Lungsod, lahat ng mga departamento at publiko para sa impormasyon. Ang Klerk ng Lungsod ay hindi isang mambabatas o taga-gawa ng patakaran. Ang mga itinalagang Klerk ng Lungsod ay walang partido at tinitiyak na ang mga aksyon ng Konseho ng Lungsod ay sumusunod sa lahat ng mga batas at regulasyon pati na rin ang wastong pagpapatupad, pagtatala at pag-a-archive.

80% ng mga lungsod ng California ay nagtalaga ng kanilang Klerk ng Lungsod sa halip na iboto sila ng mga botante.

Sa 18 lungsod sa San Diego County natatanging Carlsbad, Oceanside at National City ang bumuboto ng kanilang Klerk ng Lungsod.

Ang Tungkulin ay Nangangailangan ng Teknikal na Kasanayan

Mula 2012, pinangasiwaan ng mga kawani ng lungsod ang pang-araw-araw na tungkulin ng Opisina ng Klerk ng Lungsod dahil ang ibinotong posisyon na Klerk ng Lungsod ng Carlsbad ay mas seremonyal kaysa administratibo.

Bilang karagdagan, ang mga tungkulin sa trabaho, mga kinakailangan at mga legal na responsibilidad ng isang Klerk ng Lungsod ay naging mas kumplikado at teknikal na nangangailangan ng partikular na pagsasanay, mga sertipikasyon at mga kasanayan. Ang mga ibinotong Klerk ng Lungsod ay karaniwang walang mga kredensyal na ito kapag sila ay nanunungkulan at maaaring tumagal ng hanggang apat na taon para makuha ang mga kredensyal. Maaaring hilingin ng lungsod mula sa isang ibinotong Klerk ng Lungsod na magkaroon ng mga kredensyal na ito bago ang pagtatalaga.

Bakante mula noong Agosto 2021

Ang dating Klerk ng Lungsod ng Carlsbad ay nagbitiw ng tungkulin noong Agosto 2021. Simula noon, lahat ng mga responsibilidad ng Klerk ng Lungsod ng Carlsbad ay ginampanan ng propesyonal, may kredensyal na kawani na walang epekto sa mga serbisyong ibinibigay sa mga residente.

Gagawin ng Panukala C ang Klerk ng Lungsod bilang isang itinalagang posisyon, na nagtitiyak na isang naaangkop na kwalipikadong indibidwal ang makakakuha sa tungkuling ito. Ang lungsod ay magpapanatili ng parehong antas ng serbisyo at makatitipid ng humigit-kumulang \$40,000 sa isang taon sa pamamagitan ng pagpapalit ng tungkulin mula sa ibinoto tungo sa itinalaga.

Mangyaring sumama sa mahigit 80% ng mga lungsod sa buong California at gawing itinalaga ang Klerk ng Lungsod sa Carlsbad.

MARIA TERESA ACOSTA
Distrito 4 Miyembro ng Konseho ng Lungsod

PEDER NORBY
Distrito 1 Miyembro ng Konseho ng Lungsod

KEITH BLACKBURN
Distrito 2 Miyembro ng Konseho ng Lungsod

MATT HALL
Mayor

PRIYA BHAT-PATEL
Distrito 3 Miyembro ng Konseho ng Lungsod

ANG MGA ARGUMENTONG SUMUSUPORTA O SUMASALUNGAT SA MGA IMINUNGKAHING BATAS AY MGA OPINYON NG MGA MAY-AKDA.

SAGOT SA ARGUMENTONG PABOR SA PANUKALA C

Ang responsibilidad ng Klerk ng Lungsod ay "maglingkod bilang lokal na opisyal para sa mga eleksyon, lokal na batas, Public Records Act, Political Reform Act at Brown Act" (mga batas sa bukas na pagpupulong) batay sa batas ng estado ng California. "Ang Klerk ng Lungsod din ay sinisiguro na ang proseso ng paggawa ng desisyon ay transparent sa publiko, sumusunod sa mga pederal, estado at lokal na regulasyon at lahat ay maayos na naitala."

Ito ay HINDI isang "seremonyal" na posisyon.

Ang botong HINDI ay magpapahintulot sa mga botante na pumili ng Klerk ng Lungsod na magiging responsable sa MGA MAMAMAYAN ng Carlsbad upang mapanatili ang transparency at integridad ng pamahalaan.

Ang botong OO ay magpapahintulot sa Tagapamahala ng Lungsod na pumili ng Klerk ng Lungsod na, bilang isang empleyado, ay maaaring matanggal sa trabaho kung hindi sila "sumunod" sa kagustuhan ng Tagapamahala ng Lungsod o Konseho ng Lungsod. Huwag magkamali, ang Botong OO ay lumilikha ng natatanging posibilidad ng KATIWALIAN sa City Hall.

Ang inyong botong HINDI ay nagbibigay-daan sa Klerk ng Lungsod na patuloy na mangasiwa sa Opisina nang hindi obligado sa sinuman maliban sa MGA BOTANTE. Bilang isang WATCHDOG, ang Klerk ng Lungsod ay dapat manatiling INDEPENDYENTE mula sa Konseho ng Lungsod at Tagapamahala ng Lungsod.

Dalawang beses na tinanggihan ng mga mamamayan ng Carlsbad ang pagtalaga ng Klerk ng Lungsod - noong Abril, 1980 at Nobyembre, 1990. Ang mga mamamayan ng Carlsbad ay labis na bumoto para sa isang IBINOTONG Klerk ng Lungsod...DALAWANG beses! Bakit ngayon magbabago? Hindi ito tungkol sa pera. Ito ay tungkol sa pagtiyak na mayroon tayong INDEPENDYENTENG OVERSIGHT.

Ang Katapatan at Transparency ay kritikal para sa pamahalaan ng Lungsod ng Carlsbad. Panatilihin natin ito.

Mangyaring BUMOTO NG HINDI!

LANCE SCHULTE
Dating Carlsbad City Planner

LELA PANAGIDES
Miyembro ng Carlsbad Chamber of Commerce

SIMON ANGEL
72 taong residente ng Barrio

MARY ANNE VINEY
Tagapagtatag/Presidente Lokal na Non-Profit sa Carlsbad

RAYMOND BENDER
Retiradong Abugado ng Lungsod

ANG MGA ARGUMENTONG SUMUSUPORTA O SUMASALUNGAT SA MGA IMINUNGKAHING BATAS AY MGA OPINYON NG MGA MAY-AKDA.

ARGUMENTONG LABAN SA PANUKALA C

Ang Klerk ng Lungsod ay ang tagapag-ingat ng mga Talaan ng Lungsod. Kabilang dito ang mga rekord na nagdodokumento ng produkto ng trabaho ng Tagapamahala ng Lungsod at Konseho ng Lungsod. Ang 'oo' sa Panukalang ito ay nangangahulugan na ang Klerk ng Lungsod ay mag-uulat sa Tagapamahala ng Lungsod na nagtatrabaho para sa Konseho ng Lungsod. Ang Klerk ng Lungsod ay kailangang maging INDEPENDYENTE mula sa Tagapamahala ng Lungsod at Konseho ng Lungsod, HINDI DEPENDE sa herarkiya para sa kanilang pagtatrabaho. Ang tanging paraan upang matiyak na ang Klerk ng Lungsod ay independyente ay ang BUMOTO ng HINDI, na nagpapahintulot sa MGA BOTANTE na pumili ng Klerk ng Lungsod.

Tinitiyak ng Klerk ng Lungsod na ang Lungsod ay sumusunod sa mga wastong pamamaraan at batas, KASAMA ANG MGA LOKAL NA ELEKSYON. Ang Klerk ay dapat maging independyente at hindi pinakikialaman ng Tagapamahala ng Lungsod at Konseho ng Lungsod.

DAPAT NATING PANATILIHIN ANG OPISINANG ITO BILANG IBINOTO upang magamit ng Klerk ng Lungsod ang kanilang sariling paghatol na INDEPENDYENTE mula sa Konseho ng Lungsod at Tagapamahala ng Lungsod, TINITIYAK ANG INTEGRIDAD NG PROSESO NG ATING ELEKSYON.

Bumoto ng HINDI upang PANATILIHIN ang ating Klerk ng Lungsod, isang pampublikong watchdog bilang isang IBINOTONG opisyal. Bumoto ng HINDI upang panatilihin MAY PANANAGUTAN ang Lungsod – nais ng mga residente ang TRANSPARENCY! Wala nang mga itinalagang posisyon!

BUMOTO NG HINDI para PANGALAGAAN ang ating demokrasya at MAIWASAN ang katiwalian!

BUMOTO NG HINDI upang matiyak na ang mga residente ng Carlsbad ay nagpapanatili sa ating mga WATCHDOG na ibinoto ng publiko!

Huwag isuko ang inyong karapatang bumoto para sa isang ibinotong opisyal!

LANCE SCHULTE
Dating Carlsbad City Planner

SIMON ANGEL
72 Taong Residente ng Barrio

LELA PANAGIDES
Miyembro ng Carlsbad Chamber of Commerce

PAIGE DECINO
Retiradong Guro sa Mataas na Paaralan ng Carlsbad

MARY ANNE VINEY
Tagapagtatag/Presidente Lokal na Non-Profit sa Carlsbad

ANG MGA ARGUMENTONG SUMUSUPORTA O SUMASALUNGAT SA MGA IMINUNGKAHING BATAS AY MGA OPINYON NG MGA MAY-AKDA.

SAGOT SA ARGUMENTONG LABAN SA PANUKALA C

Ano ang pagkakatulad ng National City at Oceanside sa Carlsbad?

Sila lamang **3 lungsod** sa rehiyon ang may mga ibinotong Klerk ng Lungsod. Ang mga Klerk ng Lungsod ay hindi mga mambabatas o taga-gawa ng patakaran, at ang pagkakaroon ng ibinotong Klerk ng Lungsod ay hindi na pamantayan para sa mahusay na mga operasyon ng lokal na pamahalaan sa California.

Ang Panukala C ay May Katuturan para sa Carlsbad!

Ang mga lungsod sa buong California ay nagtalaga ng mga propesyonal na Klerk ng Lungsod.

80% ng mga lungsod sa California ay nagtatalaga ng kanilang mga Klerk ng Lungsod, nagtitipid ng mga dolyar sa buwis at nag-aalis ng pulitika sa isang mahalagang posisyon sa serbisyo sa loob ng mga operasyon ng lungsod.

Ang Panukala C ay nangangahulugang isang Propesyonal na Klerk ng Lungsod.

Upang matiyak ang kakayahan sa pagsasagawa ng mahahalagang gawain, ang mga Klerk ng Lungsod ay dapat magkaroon ng mga taong pagsasanay at karanasan.

Ang mga lungsod na may mga ibinotong Klerk ng Lungsod ay nanganganib sa maraming mahahalagang gawain na mahuhulog sa mga kamay ng hindi handang mga indibidwal na maaaring mahirapang matuto habang nagtatrabaho.

Mga responsibilidad ng Klerk ng Lungsod:

- Nagpapanatili ng wasto na mga talaan ng mga pagpupulong
- Pagtatala, pag-publish at pagpapatunay ng mga ordinansa
- Nakikipagtulungan sa Tagapagrehistro ng mga Botante sa panahon ng eleksyon upang matiyak ang pagsunod sa lahat ng batas
- Nagsisiguro ng pagsunod sa mga batas sa bukas na pampublikong pagpupulong ng estado at Political Reform Act
- Tumutugon sa mga kahilingan sa pampublikong talaan
- Nagpapanatili ng Mga Pahayag ng Pang-ekonomiyang Interes para sa buong organisasyon

Ang mga hindi kwalipikadong Klerk ng Lungsod ay maaaring makagambala sa mga operasyon ng pamahalaan.

Ang ilang ibinotong Klerk ng Lungsod ay nabigong pamahalaan kahit ang pinakapangunahing bahagi ng posisyon, kabilang ang paghahanda ng council minutes.

Ang mga Klerk ng Lungsod ay Dapat na Walang Pinapanigan - Hindi Obligado sa Pulitika o Mga Espesyal na Interes.

Ang Klerk ng Lungsod ay dapat na isang walang pinapanigan, mahusay na sinanay na propesyonal na maaaring panagutin ng organisasyon.

Dapat sumama ang Carlsbad sa 15 iba pang lungsod ng San Diego County na kumikilala na ang posisyon ng Klerk ng Lungsod ay dapat na isang walang pinapanigan, may karanasan at sinanay na propesyonal na naglilingkod sa komunidad at organisasyon.

MARIA TERESA ACOSTA
Miyembro ng Konseho ng Lungsod, Distrito 4

MATT HALL
Mayor

KEITH BLACKBURN
Miyembro ng Konseho D-2

PEDER NORBY
Miyembro ng Konseho, Distrito 1

PRIYA BHAT-PATEL
Miyembro ng Konseho D3

BUONG TEKSTO NG PANUKALA SA BALOTA

Ordinansa Blg. CS-417

ISANG INISYATIBANG ORDINANSA NG LUNGSOD NG CARLSBAD, CALIFORNIA,
GINAGAWANG ITINALAGA ANG OPISINA NG KLERK NG LUNGSOD

Ang mga tao ng Lungsod ng Carlsbad, California, ay nag-atas ng mga sumusunod:

- SECTION 1. Ang opisina ng Klerk ng Lungsod ay dapat italaga ayon sa awtorisasyon ng California Government Code Section 36508.
- SECTION 2. Ang ordinansang ito ay magkakabisa ayon sa nakalagay sa California Elections Code Section 9217.
- SECTION 3. Ang Opisina ng Klerk ng Lungsod ay magpa-publish ng ordinansang ito ayon sa batas.

KATAPUSAN NG PANUKALA